

Programang Pampigil sa Pagkalason sa Tingga ng Alameda County

NAGBIBIGAY SA ATING KOMUNIDAD NG MGA SUSI SA MALUSOG NA MGA TAHANAN

Ang tingga ay maaring maging sanhi ng kapinsalaan sa utak, altapresyon, pagkakunan & mga problema sa panghabang-buhay na pag-aaral at pag-asal. Sa County ng Alameda, ang tingga sa pintura, lupa, mga laruan, mga seramiko, make-up, at tradisyunal na medisina ay nakakasama sa daan-daang mga tao bawat taon, kabilang na ang maraming mga bata, mga babaeng buntis at mga manggagawa. Ang ACLPPP ay nagbibigay ng iba't-ibang mga serbisyo upang matulungan ang nagmamay-ari ng ari-arian, mga tagpag-empLOYE, medica provider at mga pagsisikap ng pamilya para mabawasan ang mga panganib sa pagkalason sa tingga at mapanatili ang mas malusog na mga tahanan.

Mga Serbisyo para sa May-ari ng Ari-arian (Property Owner)

Karamihan ng mga bahay na itinayo bago mag-1978 ay may lumang mga suson ng pinturang batay sa tingga. Ito ay maaring maging isang panganib kapag ito ay matuklap o maabala kapag nagkukumpuni. Ang sumusunod na mga libreng serbisyo ay makukuha para sa mga nagmamay-ari ng residencesyal na ari-arian bago mag-1978 sa mga lungsod ng Alameda, Berkeley, Emeryville, at Oakland:

Konsultasyon sa Tahanan – Isang pagbibisita sa tahanan na kasama ng aming kawani, na magsasagawa ng isang biswal na pagsusuri ng inyong tahanan at magbibigay ng isang pang-indibidwal na konsultasyon.

Mga Klase Ukol sa Pagkukumpuni ng Bahay na Ligas sa Tingga – Ang iskedyul ng mga klase ay maaring matagpuan sa www.aclppp.org.

"Protektahan ang Inyong Pamilya mula sa Tingga sa Inyong Tahanan" na mga Polyeto – Ipinag-uutos ng batas pederal na ipaalam ng mga nagmamay-ari ng residencesyal na mga ari-arian na itinayo bago mag-1978 ang lahat ng nalalamang mga panganib sa tingga sa mga nangungupahan sa kanila at sa lahat ng potensyal na mga mamimili, at magbigay ng EPA/HUD na polyetong pinamagatang "Protektahan ang Inyong Pamilya mula sa Tingga sa Inyong Tahanan". Ang mga kopya ay makukuha mula sa ACLPPP sa (510) 567-8280 o www.aclppp.org.

Pagpopondo para sa Pagkukumpuni ng Panganib sa Tingga – Sa pana-panahon ay may pampinansiyal na tulong na makukuha para sa trabaho sa pagkukumpuni ng panganib sa tingga para sa mga pinaupahang mga ari-arian na may nangunupahang may mababang-kita o para sa mga tahanan na may mga batang nalason sa tingga. Para sa mga ari-arian na nasa Lungsod ng Alameda, tumawag sa 510-747-6897.

Tumawag sa amin sa 510-567-8280 upang pag-usapan ang inyong ari-arian



Programang Pampigil sa Pagkalason sa Tingga ng Alameda County

2000 Embarcadero Suite 300
Oakland CA 94606

510-567-8280
www.aclppp.org

Tingnan ang aming website sa www.aclppp.org kung saan matatagpuan ninyo ang pinakahuling impormasyon tungkol sa:

MGA PINAGMUMULAN NG TINGGA

MGA PAGSASANAY SA TRABAHO NA LIGAS SA TINGGA

MGA ISYU PARA SA MALULUSOG NA TAHANAN

MGA ISKEDYUL NG KLAS

MGA MAPAGKUKUNAN NG MEDICAL PROVIDER



Tingga & Mga Bata

Walang ligas na antas ng tingga para sa mga bata. Ang pagsusuri lamang ng tingga sa dugo ang tanging paraan upang malaman kung ang isang bata ay may mataas na antas ng tingga sa dugo sapagkat maaaring walang madaliang mga sintomas.

Lahat ng mga bata ay dapat suriin para sa pagkalantad sa tingga sa ika-12 at 24 na mga buwan. Ang mga pamilya ng mga batang nalason sa tingga ay tatanggap ng sumusunod na mga serbisyo:

- Pagbibisita sa bahay ng isang Public Health Nurse o mga konsultasyon sa pamamagitan ng kawani ng outreach.
- Koordinasyon ng pangangalaga na kasama ang medical provider ng bata.
- Pagtatasa ng kapaligiran ng tahanan para malaman ang potensyal na pinagmumulan ng tingga.
- Teknikal na tulong sa mga nagmamay-ari ng ari-arian para ayusin ang napag-alamang mga panganib sa tingga.





Hindi Ligtas na mga Pagsasanay sa Trabaho

Tumawag sa amin kung kayo ay makakakita ng isang taong nagsasanding, nagkikiskis, nagpa-power washing, o gumagambala ng pintura sa isang property na itinayo bago mag-1978 nang hindi kinokontrol ang mga alikabok at mga labi. Ang mga ito ay maaring makagawa ng isang panganib na tingga at lumalabag sa batas.

Ang ACLPPP ay nagbibigay sa mga nangungupahan, mga nagmamay-ari ng ari-arian, at mga kontratista ng tungkol sa mga batas at mga regulasyon ukol sa kaligtasan sa tingga, mga pagsasanay sa trabahong ligtas sa tingga, at mga makukuhang mga resources.

TUMAWAG SA 510-567-8280

PARA MAG-ULAT NG HINDI LIGTAS NA PAGSASANAY SA TRABAHO

Malusog na mga Tahanang Proyekto

Ang Malusog na mga Tahanang Proyekto ay nagbibigay ng libreng edukasyon sa tahanan tungkol sa hika at mga serbisyong nakakapagbawas ng nakakapagpasimula ng hika sa mga pamilya ng mga batang (edad 0-18 na nasuring may hika o pangrespiratoryong sakit).

Pagtatasa ng Tahanan Ang isang Dalubhasang Pangkomunidad para sa Malusog na mga Tahanan ay magsasagawa ng isang biswal na pagtatasa na kabilang ang pagsisiyasat para sa pagkakaroon ng mga tagas ng tubig o mga pinsala, mga allergen, mga panganib sa kaligtasan, mga panganib sa tingga, maayos na bentilasyon, at mga peste.

Edukasyong Pangkalusugan Ang isang Dalubhasang Pangkomunidad para sa Malusog na Tahanan ay makikipag-usap sa inyo tungkol sa mga nakakapagpasimula ng hika, pagpapanatili ng isang malusog na tahanan, pagpigil sa pagkalason sa tingga, at mga alalahanin sa kaligtasan sa tahanan.

Mga Serbisyo para sa Pagbabawas ng Nakakapagpasimula ng Hika

Aalamin ng isang Dalubhasang Pangkomunidad para sa Malusog na mga Tahanan kung ano, kung mayroon man, ang mga pagkukumpuni sa tahanan na kinakailangan para mabawasan ang mga nakakapagsimula sa hika para sa bata. Ang LIBRENG mga pagkukumpuni ay maaaring ibigay.

Tanungin ang doktor ng inyong anak para magkumpleto ng isang referral form.

Ang opisina ng doktor ay maaring tumawag sa 510-567-8280 para sa mga referral form.

Ang Programang Pampigil sa Pagkalason sa Tingga sa Alameda County at Malusog na mga Tahanan ay kasangkot sa maraming mga pag-aabot-kamay at pang-edukasyong mga aktibidad upang madagdagan ang kaalaman ng komunidad.

Makipag-ugnay sa amin sa 510-567-8280 o sa pamamagitan ng email sa elizabeth.cook@acgov.org upang anyayahan kaming makilahok sa mga peryang pangkalusugan at mga pagdiriwang na pangkomunidad, upang gumawa ng mga presentasyon, para magturo ng mga klase o magbigay ng pang-edukasyong mga materyales.



Mangyaring kontakin ang ACLPPP sa 510-567-8280 upang humingi ng libreng tulong sa wika o upang ipaalam sa amin kung kayo o sino man sa inyong pamilya ay isang taong may mga kapansanan na nangangailangan ng isang partikular na kaluwaqan upang lubos na makaqamit ng aminang mga programa at mga serbisyo.